


# HINDI KO KAYO BIBIGUIN! LACSON

## Mas malaking revenue share sa LGUs, ibibigay ...

### Pangangalagaan ang freedom of the press ...



**PAGBISITA SA CAVITE:** Sen. Ping Lacson presidential candidate, Idol Raffy Tulfo senatorial candidate kasama si City Mayor Emmanuel L. Maliksi running for first nominee Buklod Filipino Partylist na dinagsa ng libo-libong Kabitenyo sa kanyang pagbisita sa INHS Bucandala 5, lungsod ng Imus.

**CAVITE TIMES JOURNAL**  
 PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO  
 ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

cavitetimesjournal\_mf@yahoo.com  
 franzalmonite@yahoo.com

(NINA FRANZ A. ORLAIN AT REBECCA M. VELASQUEZ)

**KUNG** ipagkakaloob ng Diyos, ipinangako ni Partido Reporma president at kandidatong pangulo Sen. Panfilo 'Ping' Lacson na matatag, maayos at walang itatagong anoman sa mamamayang Pilipino ang mangyari sa kanyang administrasyon.

Kasama ang mga kilalang lider politiko ng Cavite, inilad ni Lacson ang plataporma de gobyerno ng katiket na bise-presidente, Senate President Vicente 'Tito' Sotto III sa pormal na paglulunsad ng kanilang kandidatura sa darating na halalan sa Mayo 2022 sa Imus City National High School nitong Huwebes, Nov. 4.

Ipinagmalaki ni Lacson ang pagiging taal na Imuseño at

► **HINDI KO KAYO** • 4

VOL XVII • NO. 38 • 10.00 • NOVEMBER 02 - 08, 2021

## "Di ako magiging presidente kung ako'y korap" - Duterte

Kasabay ng pagbanat kina Minority Leader Franklin Drilon at Sen. Richard Gordon, ipinagmalaki ni Pangulong Rodrigo Duterte na hindi siya magiging Pangulo kung siya ay corrupt na katulad umano ng alawang opisyal.



"Wag po kayo magpadala d'yan sa mga intriga na ako raw ay abogado ng Pharmally. Alam ninyo sa totoo ng, Gordon at Drilon, 'di ako aabot sa presidency, from my ma-yorship to the presidency kung corrupt ako pagaya ninyo, kung tumatanggap ako

► **DI AKO MAGIGING** • 6

## CAVITE HOSPITAL RECEIVES LAND AMBULANCE FROM DOH-CALABARZON

Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) turned-over one unit of land ambulance to General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital, a tertiary provincial hospital located in Trece Martires, Cavite.

The simple ceremony was held at the regional office in Project 4, Quezon City on October 27, 2021.

The new unit of land ambulance is part of the 2 units allocated by DOH-Health Facility Enhancement Program (HFEP) 2021 to the region to be distributed to selected public health facilities.

"Patuloy ang pamimigay natin ng mga ambulansya para magamit sa pagbibigay ng mabilis na serbisyong medikal at pangkalusugan lalo na ngayong may pandemya. Ito ay kompleto ng mga first aid

► **CAVITE HOSPITAL** • 6



**SM CITY DASMA GIANT CHRISTMAS TREE BUKAS NA:** Naging makulay ang ginawang pagpapailaw sa 30ft. na giant Christmas tree ng SM City Dasmariñas nitong October 30, 2021. Sa nasabing pagtitipon ay naging panauhin sina City Mayor Jenny A. Barzaga, VMayor Rex Mangubat at Konsehal Kiko Barzaga. kasama sina Lorenzo A. Calingasan AVP Mall Operations South 1 at Editha Ragodo-Tayko SM Mall Manager- Mall Operations.

# Editorial

## Kandidatura ni Bong Bong Marcos ikakansela ng Comelec?


**M**aaring madesisyunan ng Commission of Elections (Comelec) ang petisyon sa pagkakansela sa 2022 presidential bid ni dating Sen. Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. sa susunod na buwan, ayon sa poll body. Ika-2 ng Nobyembre kasi nang maghain ng petisyon ang ilang grupo para ibasura ang kandidatura ni Bongbong dahil sa ilang pagsisinungaling diumano sa certificate of candidacy (COC) sa kanyang 1995 tax-related conviction na nagbabawal raw sa kanyang tumakbo sa ilalim ng batas.

"There's probably going to be something around December," pahayag ni Comelec spokesperson James Jimenez sa isang panayam noong Huwebes.

Ayon sa mga petitioners, napagdesisyunan na noon ng QC Regional Trial Court Branch 105 na guilty beyond reasonable doubt si Bongbong, anak ng diktador na si dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr., dahil sa kabiguan maghain ng income tax returns ao magbayad ng buwis noong 1982 hanggang 1985. Aniya, "moral turpitude" na ito.

Sinentensyahan si Marcos ng siyam na taong pagkakakulong at pinagmumulta para sa paglabag ng Sections 45 at 50 ng National Internal Revenue Code para rito.

Kahit kinatigan ng Court of Appeals ang naunang guilty verdict, hindi nakulong si Bongbong at pinagmumulta na lang. Tinawag namang "nuisance petition" ni Victor Rodriguez, tagapagsalita ni Marcos, ang maniobra para matanggal si BBM sa



2022 electoral race.

"With five days to answer and three days to submit the memoranda, that's already one week [of November] gone.

And then you have to talk about the schedule, so

I'm estimating maybe late December [is of the verdict]," patuloy ni Jimenez. maglalabas ng summons kay Marcos mag raffle ang kaso sa First o Second Division Magkakaroon siya ng limang araw para

## TABLE TALK FROM OUR HOME

Traditionally, a lot of life revolves around the dining room table. It is a unifier, a place of where families share a meal and their day's stories, and friends gather for dinner and feel instantly at home.

The new-norm has redefined the importance and functionality of a dining table - transforming it into a WFH station, an online school stop where one does homework and art projects, and a hobby hub. That is, of course, apart from being a gastro address for home cooked specialties and the take-out favorites we have come to love.


With that, we are rethinking our dining rooms with the modern multifunctional table as the centerpiece. And the good news is that there is a lot of table talk from Our Home which also offers us some tips when selecting the dining table for your space.

- Consider the size of the room. Dining tables should complement and be proportional to the size of your dining room.

- Rectangular dining tables are very practical and functional. It can seat a large number of people and can easily adjust the seating capacity. Its linear shape allows for ample room to walk around the table. Our Home has many design options to choose from like the Panfield and Alvea Dining Sets.

- Round tables like Our Home's Ancona dining table work well in small rooms where there is less bumping without the corners. It also creates a more intimate setting and cozy ambiance.


- Foldable tables like



Create a light and welcoming ambiance to your dining room with this white Panfield 6-Seater Dining Set from Our Home.



A breakfast for two with Our Home's Sea inspired foldable Jada Dining Table. Perfect spaces, pair it with a couple of Iona Dining great dining experience.



Dinner for four in a small dining space? Not a problem with Our Home's Ancona 4-seater dining set.



Make your dining experience fun and exciting with Our Home's Fredrik Dining Set with a rustic combining the casualness of a bench setting with the elegance of a dining chair.

Our Home's Jada table, as well as bar tables can also function as dining tables. There are some design options that will perfectly fit and look great in smaller spaces like a condo, loft or studio unit.

- Make dining fun. Play around with different seating options. Mix and match host chairs, guest chairs and benches to maximize creativity in your dining room. Our Home's Fredrik Dining Set combines that casualness of a bench setting but at the same time provides

elegance with its dining chairs.

Visit Our Home stores nationwide at select SM Supermalls for more Dining Room ideas. Customers who prefer to shop online can expect the same great shopping experience through [www.ourhome.ph](http://www.ourhome.ph). In addition, Our Home has introduced Contactless Shopping Options for customers who prefer to stay in their homes. Customers can Call & Deliver - call 0917 8315260, [nav.online](http://nav.online), and

have their delivered. They Live where a shopper takes a virtual tour of the video call. C Pickup is also available. \*\*Shop online, or contact our Call & Deliver (0917)8315260 Live, and Curbside services. Free design advice services are available. \*\*Only at Our Home's Design Price

CAVITE TIMES JOURNAL  
BAHAYAGANING TUNAY NA CAVITENO

EDITORIAL BOARD

FRANCIA A. ORLAIN  
Publisher/Editor-in-Chief

ELI TAPARAN II  
Editorial Consultant

MARIO V. ORLAIN  
Circulation Manager

REYLAND G. LOPEZ  
Editor

ADELA R. ZAMORA  
Special Project Coordinator

JR BEJASA  
Lay-out Artist

ATTY CORAZON ALMEDA  
Legal Consultant (on Leave)

BOY JOSUE, JR.  
Photographer

Cavite Times Journal Publication is a weekly newspaper of general circulation in the province of Cavite with Editorial and Business address at Lot 15 Block 4 St., Sunnydale the Garden Village Bucandala 5 Imus, Cavite. Mobile No. 0929-7611541 E-Mail Add [cavitetimesjournal@yahoo.com](mailto:cavitetimesjournal@yahoo.com) / [cavitetimesjournal\\_mf@yahoo.com](mailto:cavitetimesjournal_mf@yahoo.com)

MEMBER



Publishers Association of the Philippines, Inc.

SUBSCRIPTION RATE

1 Month ..... P40.00      6 Months ..... P240.00  
3 Months ..... P120.00      One Year ..... P480.00

ADVERTISING RATE

Commercial - P200/cols.cm • Legal Notices - P160/cols.cm.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.



# KAMOTE & KAPE

ELI TAPARAN



**MARAMING** salamat po sa lahat ng bumati sa aking ika-75 taon ng maligayang panda nitong Okt. 07; teka, wala pa 'yung (mga) nangako na bibigyan ako ng pang-pambili ng air ticket pauwi ng Pilipinas?

I joked a few friends that I need a one-way ticket to Ph (Vancouver to Manila) and they said: "Umutang ka muna sa anak mo, ibabalik na lang namin sa nakauwi ka na."

Wahawa yata ang anak kong babae sa manugang kong Ilokano, hehehe.

Sa totoo lang, sabi ng manugang ko, anytime, ikukuha niya ako ng tiket, eh I refused, sabi nga ni Tita Adela R. Zamora, abuso de confianza na 'yun, pakainin nila ako rito, at lahat ng "bisyo" ko e sila ang sumasagot.

asta, salamat po ... kung sinoman ang makakaalaala na magbigay ng air ticket ko: hindi na ito joke, uwing-uwi na ako, sa totoo lang.

@@@

In my more than 49 years of my love affair sa journalism, minsan naisip ko, kaya ang nangyari kung ang lahat ng "nakatutuksong alok" sa akin noon ay anganggap ko.

An action star who was a big time jueteng lord in Northern Luzon offered me a big sum of money, initially, P30K a month during my tenure as editor-in-chief of the daily newspaper BONGGA! in 1987-1988.

Kapalit ng halaga, bukod sa alok na kotse, ay tanggalin ko ang kolumnista ko kinasang itigil ang upak sa kanyang jueteng operation.

Nagkita kami ng action star sa noon ay Enrico Hotel sa may Taft Avenue sa Manila; inalok niya ako na tanggapi ang isang maliit na sobre na may lamang P30K cash.

Tinanggihan ko ang alok, at sinabi ko, mag-usap sila ng kolumnista ko at kung kumaman ang maging usapan nila, "no problem" sa akin.

Kusang nag-resign ang kolumnista ko sa aking diyaryo, bilang pagrespeto sa kanyang sisyon ko na tanggihan ang alok na pera at P30K kada buwan.

Naikuwento ko ito sa isang kapwa editor sa isang inuman sa National Press Club, at ilang taon, nakapagtayo na siya ng sarili niyang publikasyon, courtesy ni action star.

Marami pang katulad na alok ang tinanggihan ko mula sa jueteng lord sa Bacor, Cavite at, masiao operator sa Mindanao.

@@@

Dalawang magkasunod na eleksiyon para gobernador ng Cavite ang sana ay ang pagbabago ng buhay ko.

Isang reeleksyonistang gobernador ay "paborito" naming upakan sa Bandera Tumbok daily tabloid ng pamilya Gokongwei.

Sa buwiset ng paborito namin, idenemanda kami ng P100-M libel case -- na idismis naman.

Habang dinidinig ang kaso, ilang katropang journalist ang nakiusap sa amin na makipagkaibigan sa aming paborito at inalok kami ng monthly blessings.

Bukod dun, isang alalay ng gobernador ay inalok ako ng P1-M sa kondisyong "pananahimik" kami.

Sabi ko, payag ako, pero sa kondisyon na bigyan ako ng US visa, P3-M para sa pamilya ko na iwanan, kasi sabi ko, pag kumampi ako at binira ang kalaban ng ating paborito, malamang kaysa hindi, umuwi ako na "malamig ang mga paa."

May nag-alok sa akin ng weekly payola sa ilang Customs broker; ilang kilalang eteng lord at drug lord -- lahat ay tinanggihan ko.

Salamat at hindi ako natukso at ano kaya ang nangyari kung nagpatukso ako? Nagretiro kaya ako na maraming milyones o matagal nang deadball tulad ng isang kilalang kong journalist na nakipag-sweetheart sa mga kriminal at ginawang itaba sa lupa ang mga bangkay!

@@@

1986, isa ako sa editor ng Abante panghapon at nakabangga ko ang noon ay PD captain Romeo B. Maganto na notoryus na "killer" ng NPA.

Lagi ko siyang binibira, lalo na nang maging EIC ako ng BONGGA!, isang reporter ko na malapit kay Tomagan ay niyaya ako na pasyalan siya sa kanyang resinto sa Binondo.

Doon nabuo ang pagkakaibigan namin ni Romeo na ilang beses na binigyang arangal bilang isa sa TOPP at minsan, sa pagtanggap ni Tomagan ng award ay inabini ni Pres. Cory Aquino, "congratulations, Col. Romeo Maganto."

Police major ang ranggo noon ni Tomagan, pero ang kalokohan ko, sa bawat news item at kolum na tungkol sa kanya, inilalagay ko ay kumpletong "Colonel" ng ikinakabit ko sa pangalan niya,

Nabuwiset sa akin ang mataata sa opisyal ng noon ay PNP ay kinastigo ko sa isang sulat kung bakit ko raw ginawang Colonel si Major Maganto.


Sabi ko sa aking kolum: mismong si Pres. Aquino na commander-in-chief ang pagtaas sa ranggo ni Major Maganto nang tawagin ito na "Colonel Maganto."

E ang bagal nila sa Board of Promotions kaya ako na ang umaktong commander-in-chief at binigyan sa panulat ko ng spot promotions si Tomagan.

Noong 1989, naintriga ako sa hawak kong diyaryo at sinibak ako ng publisher at nawala ang mga dating "kaibigan" ko.

Station commander noon si Tomagan sa MPD Station 5 sa may UN at nagpadala ako ng isang boteng wine sa isa kong alalay para sa March 30th birthday niya.

## ANO KAYA AKO NGAYON KUNG...



MY boss, Gov. Johnny Remulla

My second Boss, Gov. Ayong S. Maliksi

Ilang araw, matapos ang birthday niya, dinalaw ko si Maganto sa opis niya, at sabi ng desk officer, hindi ako mahaharap ng boss niya, kasi may mga bisitang reporter.

Sabi kosa desk officer, sabihin na maghihintay ako sa labas at banggitin ang pangalan ko.

Miya lang, lumabas sa loob ng opis ni Tomagan ang mga reporter ng Inquirer, Tempo at iba pang diyaryo at radio-TV.

Sabi ko sa isang dating reporter, bakit sila pinalabas ni Maganto, at sabi: "Miya na raw kami bumalik, kasi may special siyang bisita, e hindi naman sinabi kung sino."

Hindi pala ako mahaharap ni Tomagan, kasi may espeyal pala siyang bisita, kaya naglakad ako palabas ng Station 5.

Nang tinawag ako ng desk officer, sabi, wag akong umalis at lumabas si Tomagan sa kuwarto niya, tinawag ako at sinabi, "Pare ko, pasok ka!"

Walang ibang tao sa loob ng opis niya, tinanong ko si Maganto kung sino ang special guest niya.

Hawak ang bote ng wine na iniregalo ko, sabi niya: "Ikaw ang special guest ko, kaya, pinaalis ko na sila!"

Nagbilin siya sa kanyang mga tao, na walang papasukin sa opis niya at sabihing wala siya at nasa labas.

Umuwi ako sa Imus na lasing na lasing sa tuwa.

Marami pa akong magagandang kuwento kay Tomagan, pero saka na lang.

@@@

Naging EIC rin ako ng ilang entertainment magazine ng mata taong 1970s hanggang 1980s at nakatikim din ako ng marami-rami ring kasong libelo mula sa artista at manager na nagalit sa aming expose, tulad ni Nora Aunor, ni Boyet de Leon, at nina Vivian Velez, Imelda Papin at ilan pang showbiz celebrities na pawang na nadismis at/o kaya ay iniatras sa piskalya.

Marami ring sundalo at pulis, malalaking tao at politiko ang nagsampa ng mga kasong libel laban sa akin at mga reporter sa maraming korte sa Maynila at probinsiya.

1987, isang police colonel sa QC ang sa buwiset ko ay hinamon ko na lang ng barilan sa isang inuman para tapusin ang kasong libelo na isinampa niya sa akin.

E, akala ko, ako lang ang umurong ang yagbols: pati rin pala si Koronel ay natakot din at natapos ang inuman namin sa pagkakaibigan.

E, bakit hindi matatakot si Koronel, santambak na loko mula sa Anabu, Imus ang dala kong badigard.

Noong 1998, kinasuhan ako ng ilang counts of libel ng dalawang piskal at isang RTC judge sa Cavite sa isang blind item na isinulat ko sa hawak ko noong diyaryo na Daily Balita.

Delikado, sabi ko, kasi, paano ako mananalo e ang kalaban ko e mismong opisyal ng korte.

Pinuntahan ko si Cavite Governor Johnny R. Remulla sa Covelandia na natawa lang nang malaman ang problema ko, at sabi niya, "Kami na ang bahala ni Ayong, kakausapin namin si Judge."

Nang magkausap kami ni Boss Ayong, sabi niya: "Kinausap ko na si Judge at yung piskal, ayos na!"

Noon ay Imus mayor si Ayong (Erineo S. Maliksi) na naging gobernador din ng Cavite; dati akong PIO ni Gov. Johnny sa Kapitolyo noong 1979 hanggang 1981; at media consultant naman ni Ayong noong 2000 hanggang 2007.

@@@

There was the time Gov. Johnny asked me to run for municipal mayor of Bacoor.

ML noon, at sabi ni Gov. Wapog (palayaw ni Remulla), kailangan daw sa Bacoor ng bagong mukha at noon, pag bata ka ni Gov. tiyak na ang panalo mo.

Wag daw akong mag-alala sa gastos, popondohan niya ako at may tatalo ba sa Partido Magdalo noong panahong iyon ng martial law?

I said to Gov. Wapog and Boss Ayong, I could not do it.

Naging matagumpay kaya akong politiko kung pumayag ako sa alok ni Gov. Johnny?

Pasensiya na, dear readers, sa walang kakuwenta-kuwenta ang laman ng kolum ko ngayon.

Para sa isyung bayan na nais nyong talakayin ko, ipadala lang sa taparaneliseo@gmail.com.

Hindi ko kayo... (FROM PAGE 1)

emosyonal na ipinangako na "hinding-hindi ko kayo ipapahiya."

"Ako, taga-rito. Narito ang aking mga kamag-anak, narito ang aking mga kababata, narito ang aking mga kaibigan, narito ang aking mga kaklase. Ito ang aking masisigurado ko sa inyo: Kung pagkakaloob ng Diyos na kami ni Senate President Vicente "Tito" Sotto III ay mapagbigyan para maglingkod sa susunod na anim na taon, isa lang ang aking sasabihin: Hinding hindi ko kayo ipapahiya, di ko papahiya ang lungsod ng Imus, di ko papahiya ang lalawigan ng Cavite," sabi ni Lacson na sinagot ng kapwa Caviteño ng malakas na hiyawan at palakpakan.

Ipinanganak sa Imus noong Hunyo 1, 1948, mag-aral si Lacson sa Bayang Luma Elementary School at nagtapos ng high school sa Imus

Institute noong 1964 at noong 1971, naging commissioned officer ng Philippine Constabulary nang magtapos sa Philippine Military Academy.

Nang likhain ang Philippine National Police, humawak ng iba-ibang posisyon si Lacson at sa panahon ni dating Presidente Erap Estrada, hinirang siya na Director General ng PNP noong Nob. 1999.

Kilalang disciplinarian, nilinis ni Lacson ang anomalya sa PNP at naitaas niya ang moralidad ng pulisya at ang tiwala ng taumbayan.

Sa kanyang talumpati, sinabi ni Lacson na sa loob ng mahabang panahon ng panunungkulan niya sa PNP at bilang senador, tinupad niya ang tungkulin at pananagutan sa sambayanang Pilipino ng

marangal, matapat at walang pag-iimbot.

Kilalang crimebuster sa PNP, natanyag si Lacson bilang "Heneral ng Bayan" at Mr. Expose sa Senado na nanguna sa maraming limbestigasyon laban sa mga anomalya at korapsyon sa gobyerno.

Tumanggi sa pagtanggap ng alokasyong pork barrel sa paninindigang isa ito sa tuksong umaakit sa mga mambabatas na masangkot sa katiwalian.

Sa Senado, kampeon si Lacson sa pagpapalaks ng local government units (LGUs) nang lakda niya ang Budget Reform Advocacy for Village Empowerment (BRAVE).

Aniya, agad niyang ipatutupad ang pagkakaloob ng dagdag na kita mula sa Internal Revenue Allotment (IRA) ayon sa Mandanas ruling na pinagtibay ng Supreme Court nitong 2019.

Sa kanilang platform ni Sotto, nagkaisa sila na ikalat at ibigay ang



dagdag na IRA sa LGUs at sa malalayo at mahihirap na lugar.

"We agreed to prioritize in our platform to make sure the budget can be used by our people especially at the local level. Ang halagang ito ay nasa atin nang national budget for 2022," sabi ni Lacson.

Kamakailan, sa isang video conference, sinabi ni Lacson na sa kanyang gobyerno, igagalang at ipagtatanggol ang press freedom at isusulong ang 'transparency in governance.'

Ipinaliwanag ng kandidatong pangulo ng Partido Reporma na ang kaloob na kalayaan sa pamamahayag, ayon sa itinatakda ng Constitution ay napakahalaga sa demokrasya.

"Ito, ang press freedom, ang mismong demokrasya," sabi ni Lacson.

Magiging lantad sa taumbayan ang gobyerno sa pamamahala niya kung sila ni Sotto ang mananalala sa eleksiyon.

"Wala kaming itatago, lahat ay bukas sa tao," aniya na idinugtong na kung paano niya nilalabanan ang katiwalian sa gobyerno ngayon, lalong mas mahigpit ang kampanya niya laban sa korapsyon kung siya na ang nasa Malakanyang.

Kasama ni Lacson sa Imus si dating House Speaker Pantaleon Garcia, at columnist broadcaster Raffy Tulfo at mga masusugid na tagasuporta.

Kailangan nang buksan nang unti-unti ang ekonomya at nang makabangon sa perwisyong dulot ng umiiral na pandemyang Covid, sabi pa ni Lacson.

Pag-aaralan din ng kanyang gobyerno kung siya ang pangulo ang batas sa ayudang pamilya at ang tungkol sa problema ng mataas na singil sa koryente, tubig at iba pang serbisyo publiko.

Susuportahan ng kanyang administrasyon ang pagpapalakas sa

agrikultura a upang mapat security at m hanapbuhar karaniwang n at maliliit ang

Naging pu sa okasyon Mayor Emi Maliksi na te first nominee Filipino Party opisyal ng kur kaalyado na ng malakas m kanilang kab

"Ating ipa Ping. Panah muling magi ng isang p manggagali lalawigan," sa maikling i pahayagang

Pinasalar Lacson si Ma aasikaso sa k kasama, na rin sa panu mga bagong Partido Repoi

Ninong ni Lacson na matalik ng y ama, si datine Ayong Malike

"Suporta Sen. Lacson Sotto dahil e paniniwala pag-asa na muling maka ating bansa r kahirapan pandemya korapsiyon Maliksi.

Tumakbo nominee si Buklod Filipin matatapos ikatlong term 2022.



# DI NA TATALAB ANG BLACK PROPAGANDA!

HMM, iba ang nakikita kong dahilan sa paghahain ng qualification (DQ) case ng presidential candidate ng Bong Marcos o BBM. Ayaw aminin ng kampo ng VP Leni Robredo na kanya nila ang DQ case, pero obvious naman, kasi kahit ano'ng gawing atake, black propaganda at paulit-ulit na akusasyon ng ill-gotten wealth, nakaw na man, martial law atrocities ng kanyang ama, dating Pres. Ferdinand Marcos Sr. I laging tinatawag na diktador, lumalabas na Top Choice si BBM para manalong pangulo.

Maging ang mga sikat na kolumnista, tulad ni Yen Macabenta at Bobi Tiglao ng Manila Times, at ni Emil Jurado at Jonathan dela Cruz ng The Manila Standard, ang prediksyon ay si BBM at ang patuloy at paulit-ulit na banat sa pamilya Marcos timbes na makasira ay lalo pang nagpapalakas sa batang Marcos.

What is outstanding, never na sinagot ni Bongbong ng paninira ang mga upak kanya at sa pamilya Marcos.

Basta sige lang siya sa pagpapaliwanag sa kanyang platform of government at ng paano ibabangon ang bansa, paano palalakasin ang ekonomya, paano abangan ang pandemya at sosolusyonan ang iba pang problema ng bansa.

Nakita ko sa Facebook ang post ni Ms. Malou Tiquia, founder of Publicus Asia, bilang media at public relations specialist sinuri niya ang DQ case versus BBM. Sabi niya, nagbibigay lang siya ng punto de vista sa kaso, at base lamang iyon facts at hindi niya idinedepensa si Bongbong.

"Wala po tayong kinakampihan o pinapanigan. Facts lang ang ating titingnan, kulay o salsal. Maging mapanuri tayo," sabi ni Tiquia na dating political adviser Manila Mayor Isko Moreno.

Sabi niya, magkaiba ang "failure to pay income taxes" sa "failure to file income returns (ITR)" at ang "failure" ay walang prison time at hindi tax evasion.

May desisyon na raw ang Supreme Court case na ang kabiguan na maghain ng ometax ay hindi krimen maituturing na moral turpitude na siyang ginagamit na argumento ng mga nagsampa ng DQ case para mabalewala ang kandidatura ni M para pangulo sa May 2022 elections.

ito raw ang sabi ng SC sa "Republic v. Marcos II" na ang sabi: "even assuming Marcos is convicted for failure to file an income tax return, it is not a crime involving moral turpitude."

Jna, kasi, hinatulan 'guilty' si BBM ng isang Quezon City Regional Trial Court" kasong "failure to file ITR" na hinatulan siyang prison term at multa, pero ito ibinasura ng Court of Appeals (CA) at sinabing walang kasalanang "tax evasion" kongbong.

pero sa mga balita, napapansin ko, yung guilty verdict sa RTC ang laging iiddikdik sa isip ng tao e "not guilty" nga si BBM ayon sa CA at SC, at ito ay para sa?

para malito ang tao, mapaniwala na may kasalanan nga si BBM at nang hindi siya iboto?

ay naku, ganyan talaga ang dirty politics sa ating bansa.


@@@

Ganyan din ang nakikita natin sa local politics, tulad sa Kawit at sa Cavite District One na ang mga tagasuporta ng kalaban nina Mayor Angelo Emilio Aguinaldo at Vice Gov. Jolo Revilla ay kung ano-anong paninira ang ikinakalat. Gesyo si Mayor Aguinaldo raw ay panay lang ang media publicity at wala raw

## PAG-USAPAN NATIN Ni DOMZ B. CAOILE



VICE Gov. Jolo Revilla: Hangad ay pag-asenso sa Distrito Uno



KAWIT Mayor Angelo Emilio Aguinaldo: Kalamidad at pandemya man, una ang Tao sa totoong serbisyo!

namang nagagawa sa kapakanan ng Kawiteños; at si VGov Jolo naman daw, e "gahaman" kasi bakit daw tumatakbong kongresman e gayong ito ay taga Dist. 2 o sa Bacoor City ang mga Revilla.

Ay, mamamayan mismo ang nagsasabi kung gaano ka-responsive si Mayor Angelo sa panahon ng kalamidad at emergency sa bayan niya, lalo na ang paglaban sa Covid-19 pandemic, alam ng mga magulang at mga bata ang nagawang tulong ng ating mabait na alkalde sa problema sa kalusugan, educational assistance at mga programa sa bayan.

Bakit daw sa Dist. One si Jolo nanirahan, e mahigit nang two years ang residence niya sa Rosario at walang ilegal doon at malaya si Vice Gov kung saan niya gustong manirahan, at ano ang sinasabi niya na wala raw nagawa si Vice Gov sa Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City?

Tandaan po, buong Cavite naglilingkod si Vice Gov Jolo at sakop niya ang Distrito Uno, ano kayo, hilo?

Legislation po ang mandato at trabaho niya at wala siyang porkbarrel na tulad ng mga dati at nakaupong kongresista na tinubuan na ng tahong at talaba sa mahigit na 27 years sa Kongreso.

Kaya mali na hanapan si Vice Gov. ng mga project sa Distrito Uno, pero nakita naman natin, buong lalawigan ang kanyang walang tigil na inayudahan, tinutulongan sa panahon ng kalamidad, pandemya at iba pang assistance kahit wala siyang sariling pondo, at ang mga tulong ay donasyon mula sa mga kawanggawang mamamayan na direktang ibinibigay ng kanyang opisina sa mga tao.

Ngayon pa lang e ang laki na nang naitutulong ni Vice Gov, aba, e di lalo na kung siya ang mananalong District One representative, na sabi nga nina Kawit Mayor Aguinaldo, Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, Rosario Mayor Voltaire Ricafrente, Cavite City Vice Mayor Denver Reyes Chua at BM Davey Reyes Chua ay ito na ang panahon na maghalal ng bagong kinatawan na talagang magsisilbi sa mamamayan ng Dist. Uno.

Ay, ang paninira at black propaganda ay walang buting idudulot kasi, mulat na at matalino ang mga botante.

Para sa inyong komento, mag-email lang sa domzcaoile@yahoo.com.

## DTI Negosyo Center Candelaria hosts Financing Forum for MSMEs

